

# Manatiling malusog para sa iyong pamilya. Kailangan ka ng pamilya mo.

Para sa impormasyon at  
suporta sa kanser, tumawag  
sa **13 11 20**, o bisitahin  
ang **cancervic.org.au**

## Para sa karagdagang impormasyon

Kung nais mong makipag-usap sa isang tao sa  
iyong sariling wika, mangyaring tumawag sa  
**13 14 50** at hilingin ang **Konseho ng Kanser  
sa Victoria (Cancer Council Victoria)**.

### Ang iyong mga tipanan

**Kausapin ang iyong doktor tungkol  
sa pagsusuri ng bituka**

O tawagan ang Pambansang Programa ng  
Pagsusuri ng Kanser sa Bituka (National  
Bowel Cancer Screening Program) upang  
malaman kung makakatanggap ka ng isang  
test sa pagsusuri sa bahay sa **1800 627 701**

Petsa: \_\_\_\_\_

Lokasyon: \_\_\_\_\_

**I-book ang iyong pagsusuri ng suso**

Bisitahin ang [breastscreen.org.au](http://breastscreen.org.au) o tumawag  
sa **13 20 50**

Petsa: \_\_\_\_\_

Lokasyon: \_\_\_\_\_

**I-book ang iyong Test sa Pagsusuri  
ng Cervix**

Maghanap ng provider sa [cancervic.org.au/  
CervicalDirectory](http://cancervic.org.au/CervicalDirectory) o upang madagdagan ang  
kaalaman tungkol sa pagsusuri ng cervix,  
tawagan ang **Cancer Council sa 13 11 20**

Petsa: \_\_\_\_\_

Lokasyon: \_\_\_\_\_



# Magpasuri. Magkaroon ng mahabang buhay.

**Ang iyong panganib sa kanser ay  
tumataas mula sa edad na 50**

Ang pagsusuri ay tumutulong sa iyo na  
matuklasan ang kanser nang maaga o  
maiwasan ito.

- > Kanser sa bituka
- > Kanser sa suso
- > Kanser sa cervix



## Pagsusuri ng bituka

**Kung ikaw ay may edad na 50-74**, dapat kang magpasuri para sa kanser sa bituka kada dalawang taon gamit ang libreng pagsusuri sa bahay.

Ang test ay naghahanap ng dugo sa dumi (tae) na maaaring hindi natin makita at maaaring isang palatandaan ng kanser sa bituka. Maaari mong gawin ang test sa bahay.

Ang test ay para sa kalalakihan at kababaihan na walang mga palatandaan o sintomas at walang nauugnay na kasaysayan ng pamilya sa kanser sa bituka.

Ang mga libreng pagsusuri sa bahay ay ipadadala sa koreo sa mga taong may edad na 50-74 kada dalawang taon bilang bahagi ng Pambansang Program ng Pagsusuri ng Kanser sa Bituka (National Bowel Cancer Screening Program).

**Walang Gastos sa pamamagitan ng pambansang programa.**



**Mahigit sa 9 sa 10 mga kanser sa bituka ang maaaring matagumpay na nagamot kung natuklasan nang maaga.**

## Pagsusuri ng suso


**Kung ikaw ay may edad na 50-74**, dapat kang sumailalim sa pagsusuri ng suso kada dalawang taon.

Ang pagsusuri ng suso (x-ray) ay naghahanap ng kanser sa iyong mga suso.

Ang pagsusuri ng suso ay ginagawa nang pribado kasama ang isang babaeng radiographer at tumatagal lamang ng ilang minuto. Maaari kang magsama ng kaibigan o kapamilya kung sa tingin mo ay magiging mas komportable ka.

Ang pagsusuri ng suso ay para sa mga kababaihan na walang mga palatandaan o sintomas ng kanser sa suso at walang nauugnay na kasaysayan ng kanser sa suso o obaryo sa pamilya.

**Walang Gastos sa pamamagitan ng Pagsusuri ng Suso sa Victoria (BreastScreen Victoria).**



**Kung mas maagang matutuklasan ang kanser sa suso, mas malaki ang pag-asa ng matagumpay na paggamot.**

## Pagsusuri ng cervix

**Kung ikaw ay may edad na 25-74** at naging aktibo sa pagtatalik, dapat kang sumailalim sa Test sa Pagsusuri ng Cervix kada limang taon.

Kailangan mo ng mga Test sa Pagsusuri ng Cervix kahit pagkatapos magpabakuna laban sa HPV o makaraan ang menapos.

Ang mga Test sa Pagsusuri ng Cervix ay naghahanap ng HPV na maaaring sa paglipas ng panahon ay maging kanser sa cervix kung hindi ginamot.

Ang isang doktor o nars ay maaaring magbigay ng mga Test sa Pagsusuri ng Cervix.

Ang mga Test sa Pagsusuri ng Cervix ay para sa mga babaeng walang mga palatandaan o sintomas ng kanser sa cervix.

**Gastos - Ang ilang mga klinika ay nagbibigay ng libreng pagsusuri ng cervix. Alamin ang halaga kapag gumagawa ng pakikipagtipan.**



**Maaaring iligtas ng pagsusuri ng cervix ang iyong buhay.**